

batong bahay

Naratibo ng kahirapan at
tagumpay ng isang karaniwang
pamilyang Pilipino

Clarence M. Batan, PhD



UST Publishing House

2010

Karapatang-ari © 2010
ni Clarence M. Batan, PhD

Reserbado ang lahat ng karapatan, kasama na ang karapatan sa muling paglilimbag at paggamit sa anumang anyo at paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa mayhawak ng karapatang-ari.

Disenyo ng libro: Roberto Villegas Jr.

Gawa at limbag sa Pilipinas
Inilathala at inilimbag ng
UST PUBLISHING HOUSE
España, Manila

Reprinted 2011

Recommended entry:

Batan, Clarence M.

Batong bahay : naratibo ng kahirapan at tagumpay ng isang karaniwang pamilyang Pilipino / Clarence M. Batan. -- Manila : UST Publishing house, c2010.

xxvi, 150 pp. ; 19.05 cm.

ISBN 978-971-506-530-6

1. Filipino literature. 2. Family - Philippines. 3. Sociology - Philippines.
I. Title.

PL6061 .B311 2010

Mga Nilalaman

Handog	v
Pasasalamat	vii
<i>Batong Bahay, Kahit Munti (Mga Kwento Rito ay Sari-sari)</i>	xiii
Paanyaya	xvii
Pahiñungod	xxi
<i>Kabanata 1</i> Pundasyon ng dapithapon	1
<i>Kabanata 2</i> Haligi ng buhay	27
<i>Kabanata 3</i> Ilaw ng tahanan	57
<i>Kabanata 4</i> Buhangin ng relasyon	85
<i>Kabanata 5</i> Interseksiyon: Bahay kubo't bahay na bato	111
<i>Epilogo</i> Mga aral at hamon ng buhangin-liwayway	135
<i>Pahabol:</i> Pitong pakong ginamit ko sa pagsusulat ng libro	141

Handog

Sa aking Daddy, Israel Cabildo-Batan, ang nag-udyok na isulat ko ang aming kuwento, at sa aking Mama, Violeta Mechilina-Batan, na kahit tapos na ang pagsusulat ng libro ay madami pa ring ikinukuwento;

Gayundin sa aking nag-iisang kapatid, Sherwin, at pamangkin, JM (John Mircko), na ngayon ay humahabi ng mga bagong kuwentong sila na daw ang susulat at hindi ako;

Para rin ito sa aking mga kamag-anak, nabanggit man o hindi, na ang mga kuwento ay patuloy na nagbibigay sa akin ng inspirasyon;

Sa kapwa mahirap, na ang mga kuwento'y lagi kong pinananabikang mapakinggan;

At sa Unibersidad ng Santo Tomas (UST), ang aking pamantasan na sa nakaraang 400 taon ay hindi lang humubog ng pambansang kasaysayan at pumanday sa isipan ng maraming kabataang-Pilipino, ngunit nagbigay pag-asa sa maraming mahirap tulad ko upang patunayan na ang edukasyon ay kalasag sa kahirapan.

Pasasalamat

Sa Poong Maykapal, na unang may-akda ng buhay at Siyang nagbigay ng inspirasyon sa pagsusulat ng akdang ito.

Sa aking pinakamamahal na pamilya, kay Daddy Israel, Mama Volet at Kuya Sherwin, sa pagbubukas ng aklat ng kanilang mga buhay na pansamantala nilang ipinabasa sa akin upang ang ilang bahagi ay maging kabanata ng librong ito.

Sa aking pamangkin, kay JM, na laging nagpapangiti sa akin kahit ako'y pagod at naiinis sa buhay;

Sa aking mga kamag-anak, dahil sa masasayang kuwentuhan, tawanan at biruan, lakip ang masasarap na kainang ating pinagsaluhan: kina Tito Boy, Tito Benjie, Tito Pol, Tita Aida, Mommy Margie at Tito Carlos, Tita Venice at Tito Romano, at sa aking mga pinsan, sina Kuya Ronnie, Joy-joy, Lovely, Carlo, Mina, Iris, Patrick, Cay-cay; isama ko na rin si Melvin Anore na kahit hindi ko kadugo, ay itinuturing ko na ring kapamilya.

Kay Jojo S. Aquino, ang aking mapagmahal at matalik na kaibigang laging bukas ang isip at damdamin upang hamunin at payabungin ang malilikot na ideyang kumikiliti sa aking isip;

lagi kong kasama sa hindi mabilang na sandali ng kasiyahan, kalungkutan at samu't saring hamon ng buhay sa lumipas na sampung taon.

Sa mga kaibigan ko sa Halifax, Nova Scotia Canada, kung saan, sa gitna ng lamig ng winter ay naisulat ko ang unang kabanata ng libro at una ring nakabasa nito - kina Papa Virgilio at Mommy Glo Sangalang, Nanay Nora Sangalang at kanyang mga kapatid na sina Nanay Auring Salas, Tita Fe Sangalang at mag-asawang Nanay Caring at Uncle Bob Nishikawa; Mommy Cecille Sepidoza at kanyang pamilya; Mommy Felisa delos Santos at Nanay Julieta; Mama Nellie Sarkar (+), Ate Helen at Danny Cruz; Mommy Linda Hamilton; Tita Tess Buenaventura; Tita Elizabeth Eustaquio-Domondon; Mommy Coney Trelhier-Duncan, Mommy Fely Ampalid, mga kaibigang Margaret Dechman at Merl Andalecio; mag-asawang Maria Rocy Tendencia at Mark Meaney; Joanne Bernardo, Jose Pil at Sheena Francisco.

Sa itinuturing kong ikalawang tahanan, ang Unibersidad ng Santo Tomas, sa kanyang pamunuan at mga kaibigan lalo na sa Faculty of Arts and Letters at Social Research Center (SRC) – sa dating Rector Father Tamerlane Lana, O.P.; sa kasalukuyang Rector Father Rolando V. de la Rosa, O.P.; sa aking dekan, Dr. Armando de Jesus; sa dating SRC director, Dr. Ernesto Gonzales; sa kasalukuyang tagapamahala ng social science research sa UST, Dr. Alvin Ang; kay Dr. Claire Carillo, na una kong nakapalitan ng ideya tungkol sa pagsusulat ng librong ito; sa mga kaibigan kong Dominikanong pari at madre, kay Father Melchor Saria, O.P., Father Jeff Aytona, O.P., Father Delfo

Canceran, O.P. at Sr. Catherine “Kat” Marquez, O.P.; sa mga guro ko sa Sosyolohiya sa UST, sina Ma’am Josephine “Peppin” Aguilar-Placido, Ma’am Marina “Babes” Destura-Gamo, at Sir Crescencio “Boboy” Doma; kina Ma’am Maricar Santos at Ate Fe Pinlac; kay Frederick “Burns” Rey, ang aking dating estudyante at ngayon ay kapwa-mananaliksik na matiyagang nakikinig sa aking mga kuwento; sa mga itinuturing kong nanay-nanayan sa UST, Mama Evelyn Songco at Mama Rowena “Eng” Castro; kay Dr. Ophelia Dimalanta, writer-in-residence ng UST, sa suporta at inspirasyon; at sa lahat ng mga kaibigang di ko man nabanggit pero nakaukit naman sa aking alaala.

Sa Educational Technology Center, sa pamumuno ni Ma’am Ninia Inoncillo-Calaca, at sa lahat ng mga support staff na itinuturing kong mga kaibigan lalo na kay Rico Bicol, ang aming music at sound engineer, kay Kuya Danny Deopante sa pagpapahiram ng kanyang magandang boses at kay Neo Hernandez na siyang lumikha ng musika para sa libro. Salamat sa ideya na magkaroon ng “audio book component” ang librong ito upang magsibling alternatibong medium para sa mga taong maliban sa pagbabasa, ay mas gustong pakinggan ang aking naratibo.

Sa aking mga guro at kaibigan mula sa Unibersidad ng Pilipinas, kay Dr. Sylvia Guerrero, Prof. Randy David, at Tata Raul Funilas; sa Departamento ng Sosyolohiya, UP Center for Women’s Studies (UP-CWS); UP Population Institute (UPPI) pati na rin ang Philippine Sociological Society at bumubuo ng Philippine Social Science Center (PSSC) – na kahit minsan ko na lang masulyapan ang ating Diliman campus at PSSC, ay

nananatili pa rin ang matingskad na mga aral na natutunan ko mula sa inyo.

Kay Father Clarence Marquez, O.P., tukayo at kaibigang nagsulat ng komento at “paanyaya” na nagbukas sa pinto ng mga kuwentong isinalaysay ko sa librong ito;

Sa mga nagbasa ng unang drafts ng librong ito, sa panahong masidhi ang *chronic pain* na dulot ng aking *trigeminal neuralgia*; ginamot ng pagsusulat ang aking sakit at kayo ang personal na nakasaksi kung paano ako tinulungan ng Poong Maykapal na maging malikhain ang aking espiritu sa kabila nang pananamlay ng aking katawan – ang pamilya nina Tita Venice, Tito Romano at Iris, na una kong ginulo sa ilang beses na hapunang ang nagsilbi naming ulam ay isang kabanata ng libro bawat gabi, hanggang sa ito’y mabuo; sa Mommy Margie, ang mabait kong Tita na sa paulit-ulit na pagbabasa ay naengganyo na ring magsulat ng naratibo ng kanyang sariling pamilya; kay Sheena Francisco kahit siya ay nasa Canada; kay Mommy Glo Sangalang na dahil sa magandang komento ay nagbigay sa akin ng lakas ng loob upang tapusin ang proyekto; sa dati kong guro sa high school na si Mrs. Elisa Belison; sa kaibigang Bob Capistrano, sa pagtitiyagang magbasa ng ilang drafts ng libro; kay Ate Gude Jimenez, kumare’t kaibigan mula sa UST na isa sa huling sumilip upang itama ang teksto ng librong ito; at sa aking Kuya Sherwin, na paulit-ulit na nakinig sa audiobook upang ang teksto sa papel ay umayon sa mga binigkas naming naratibo.

Sa mga naglaan ng panahon upang basahin ang libro nang masinsinan na ang mga komento ay kasamang inilathala dito na

itinuturing kong “authentic” at “sapul sa puso” - kay Mama Eng Castro, Sr. Cecilia Villadiego, SdP, at Tata Raul Funilas.

Kay Sir Eros Atalia, kapwa-guro, kapwa-mananaliksik sa UST, kaibigan. Na sa proseso ng pagrerebisa ay nagturo sa akin na harapin ang aking mga kahinaan at ipagdiwang ang aking kalakasan gamit ang kapangyarihan ng panitikang Filipino. Na kahit dahop ang aking kaalaman ay nayakag niya akong matutunan ang malikhaing pagsusulat na walang pagkukunwari’t puno ng kahulugan. Salamat kaibigan sa paniniwala sa proyektong ito. Salamat sa pagsusulat ng unang bahagi ng libro, na higit nagbigay-lalim sa aking naratibo.

Sa UST Publishing House, mga staff; lalo na kay Sir John Jack Wigley, Ate Ludy Lopez, at sa aking matiyaga at malikhaing book cover at lay-out designer, Robbie Villegas, sa pagbubuo ng diwa, kaluluwa’t anyo ng libro.

At sa mga nakaligtaan kong bigyang-pugay, pasensiya na po. Tao lang po ako.

Prinsipyo't adhikang lantay,
Sangkap sa sidhing tagumpay;
Upang moog na matibay
Ay maisakatuparan—
Pangarap na Batong Bahay.

- Tata Raul Funilas
Makata/ Eskultor
Kaibigan, kapanalig ni Yayet
sa pagmamahal sa Isla ng Talim



Batong Bahay, Kahit Munti

(Mga Kwento Rito ay Sari-sari)

Noong una kong mabasa ang first draft ni Clarence, pamagat pa lang ng kanyang tinatangang maging libro ay inunahan ko na ng tanong:

Bakit “Batong Bahay” at hindi “Bahay na Bato?”

Dahil sa karaniwang ekspresyong Pinoy, mas madalas nating marinig ang bahay na bato kesa sa batong bahay. Hindi rin nya alam ang paliwanag. Kung gagawing pelikula ang librong ito at ako ang tatayong producer, itatanong ko sa sarili ko kung kikita ba ito sa takilya? Hindi ba’t kadalasang panghatak ng pelikula sa parokyano ay ang makatawag-pansin nitong pamagat? Ganoon din kung gagawin na nga itong libro. Paano matatawag-pansin ang pamagat ng librong ito ang mga mata ng mga mambabasa kung ito’y nakadisplay na sa book shelf sa mga pangunahing bookstore?

Nasa problema ko pala ang sagot.

Ano pa ba ang dating ng ‘bahay na bato’? Madalas na nating marinig ito. Sa Bahay ni Kapitan Tyago sa daang Anluage sa Noli Me Tangere, tinawag ang bahay na ito na bahay na bato.

May kasabihan din tayong “Aanhin ko pa ang bahay na bato kung ang nakatira ay kwago? Mas gugustuhin ko pa ang bahay kubo na ang nakatira ay tao.” Sa kinalakihan kong lugar na kadalasang gawa sa kahoy, kawayan at pawid ang bahay, bumibili kami ng yelo doon sa ‘bahay na bato’ sa kanto.

Kaya ang batong bahay ay nagbibigay ng bagong pagsilip sa bagong diskurso. Oo nga naman, kung бага sa pelikula, may gimik, may pauso, may pakulo.

Isa sa mga teorya sa linggwistika ay ang ‘prominence’. Ibig sabihin, inuunang sabihin ng isip natin kung ano ang sa tingin ng isip natin na mas mahalaga ayon sa ayos ng mga salita sa isang pahayag. Sa kaso ng batong bahay, ipinagkakanulo ng teksto ang nilalaman nang iniisip ng manunulat. Ang kahigitan ng bato laban sa bahay. Binigyan ko uli ng problema ang sarili ko. Sabi ko, hindi ba mahalaga sa manunulat ang bahay? At mas inuna nya ang bato?

Sabi nga ni Gary Granada, pagkahaba-haba man daw ng prusisyon, iiksi rin yun. Ano pa ang dapat kong gawin kundi basahin ang draft para mas makumbinsi ko ang sarili ko na hindi lang simpleng diskurso ng bahay ang kabuuan ng libro.

At hindi nga ako nagkamali.

Sa unti-unting rebelasyon ng bawat yugto sa buhay ng manunulat, alam ko na kung bakit inuna nya ang bato kesa sa bahay. Namulat kasi ang manunulat na mayroon nang umiiral na bahay. Hindi man kagandahan (ito ang euphemismo natin sa pangit) ang bahay na ito, pero kahit papaano, bahay pa ring

maituturing. Kaya ang hamon, paano pa gagawing mas mainam sa dating kinalalagyan, sa kinamulang tahanan o bahay? Sa madaling salita, makukuntento ba sa kinagisnang anyo at istruktura ng bahay na gawa sa pawid, yero at kahoy? Dapat itong maging bato. Unti-unting nagbago ang buhay kasabay ng unti-unting pagbabago ng mga nakatira sa bahay.

Naging inspirasyon ang butas-butang ng bubong na tumila na ang ulan sa labas ng bahay pero umaambon pa rin sa loob, langitngit ng sahig, bintanang madalas ampyasan o anggihan, dingding na wag lang di masagi o madaganan ay nawawarak o nabubutas, hagdanang madulas at mahirap mag-akyat-panaog, mga haliging laging pinangangambahang kung may itatagal pa sa bigat at uga ng kabuuan ng bahay at buhay.

Hubad sa pretensyon si Batan na maging malikhaing manunulat. Sosyologo sya sa propesyon. Doon ang kanyang bangis. At bilang sosyologo, obhektibo sya sa paglalagat ng mga detalye at datos. Nadala nya ito sa pagsusulat. Pero may naiwan pang isang hamon. Paano malikhaing ipapahayag ang katotohanan. Ah, dito na pumasok ang puso ng isang social scientist. Na ang mga datos at katotohanan ay nagkakabisa lamang kapag ang mga ito ay may kahulugan sa pinaghahanguan, sumusulat at bumabasa ng mga ito. Halimbawa, sa balitang “isandaang pamilya, nawalan ng tahanan dahil sa sunog”. Sa pagiging objective, totoo lang naman ang isandaang pamilya ang matagal-tagal na walang matutulugan at matutuluyang bahay hindi ba? Ang isandaan ay isang daan. Ang bahay ay bahay. Ang sunog ay sunog. Ang pamilya ay pamilya. Pero dahil ang katotohanan ay hindi lamang simpleng mga datos at depenisyon, mga parametrong natitimbang at nasusukat

kundi umiigpaw, lumulundag at tumatalon sa mga hangganang depenisyon ng syensya. Ganito ang bisa ng panulat ni Clarence Batan. Ito ang hamong napagwagian ng manunulat. Ang mga serye ng datos ay unti-unting nagkakaroon ng konstilasyon sa isa't isa. Nangusap ang mga ito sa kanilang sarili at lumikha ng katotohanan na nangungusap sa mga mambabasa. Kung sa pure science ay nangangailangan ng distansya ng scientist sa kanyang pag-aaral, sa aklat na ito, ang kabisaan ay ang matimping pagdistansya ng manunulat sa mga datos ngunit ang mga datos ang mahigpit at masakap na lumalapit sa sensibilidad ng mga mambabasa. Dahil ang pinag-uusapan sa aklat na ito ay hindi simpleng mga datos lang kundi pamilya, pangarap at buhay.

Narito ang isang gimik, pauso at pakulo na tiyak na tatabo sa takilya. Na hindi pwedeng hindi papansinin. Ang kahusayan ni Clarence Batan sa pagsasalaysay ng mga katotohanan ng buhay ay nilahukan ng masinop na pagtatangkang maging malikhain ay sapat nang ilakong bagong putahe sa mailap at mapiling panlasa ng mambabasang Pinoy. Narito ang katapatan ng kanyang pagtatapat at pagtatangka. Inaanyayahan nya tayong pansamantalang makituloy nang sa gayo'y makapagkape habang nagkukwentuhan ng mga bagay-bagay sa mga buhay-buhay, mga pangarap na nabigo't nagtagumpay, ng kakapusan at kasapatan, ng pagkalugmok at pagbangon tungo sa patuloy na pag-inog ng gulong ng buhay... dito sa kanyang Batong Bahay.

Eros S. Atalia

June 2009

Cavite City



paanyaya

“Ano ang hinahanap ninyo?”...

‘Saan po kayo nakatira?’...

‘Halikayo at tignan ninyo’...

Sumama sila at nakita nila ang kanyang tahanan;
at tumuloy sila...”

(Juan 1: 38-39)

Tuloy po kayo!

Ito na marahil ang batayang pangungusap ng tanyag na katangian nating mga Pilipino sa pagtanggap ng panauhin, sa pagtanggap ng kapwa. Kay daling sabihin! Kay sarap pakinggan!

Tuloy po kayo!

Pagkilala at paanyaya. Sa pagsambit nito, ang buhay naiuugnay, ang kapwa’y hindi na kaiba, magkakilala na tayo. At ang nakapinid ay bumubukas, ang hati at hangganan ay nagiging dugtong at daanan, lagusan ng labas at loob.

Tuloy po kayo!

Ang sarili ay nagiging sining, nagiging salita, umaakit, umuukit sa diwa. Hindi na maitanggi, hindi na ma-hindi-an ang kumakatok, ang pumapasok. Ang sarili ay hindi na makasarili, nagpapatuloy na sa kapwang may-sarili rin, patas na talastas sa pag-uusap, sa pagbabahagi.

Tuloy po kayo!

Ika ng may-akda, *“Ang adhika ko ay ikuwento ang buhay ng aking pamilya sa pamamagitan ng paglalahad ng proseso kung paano namin ipinatayo ang aming konkretong bahay.”*

Payak na layunin: Magkuwento. Payak na paksa: Pamilya, Pamayanan. Payak na pamamaraan: Tanong, Sagot. Pangunahing Talinhaga: Bahay na Bato. Katotohanang Sinasalamin: Buhay ng mga Batan. Magkahalong gamit ng materyales fuertes (sa pagpapatayo ng bahay) at obra maestrang kuwento ng karaniwang mag-anak (na tumatayo sa buhay). Pinanday sa pasakit, hinabi sa hirap, tinimpla sa pait ng kahinaan at tamis ng katuparan, ng mga pangarap na malalim na hinga nitong salaysay, pakpak sa payagpag, ugat sa pag-usbong at paglago, dugông dumadaloy sa bawat titik at kataga, bawat pangungusap at parirala. Kuwentong Tunay-na-Buhay!

Tunay rin makisig itong kinatha, sa tapat na pagbulatlat at mulat na ulat ng kuwento ng sarili. Kung ang sining (ng panitikan) man ay salamin, agham (ng sosyolohiya) naman ang kinasangkapan sa pagtusok at paghiwa sa balot na balat, at pagkalikot sa matagal nang kulob, sa sariwa pa, sa naghilom na, sa lihim, sa lilim ng loob. At ang pananampalataya sa Maykapal,

ang pananalig sa Nasa-Taas ay nagsisilbing Ilaw at Init, Gana, Galing, at Giliw nitong Bahay, nitong Buhay.

Maraming hinahanap ang mambabasa. At ang may-akda ay naghain ng samut-saring handa: “*Merong pansit bihon, pansit palabok, sopas, spaghetti, ginataang halu-halo, corn soup at mga kakanin na lumpiang sariwa, bibingka, suman, kalamay, palitaw at ensaymada na puno ng keso. Meron rin siomai at para sa inumin, orange juice at mainit na tsokolate... litsong ulo ng baboy... para sa mga mahilig magkanin, nagbanda rin ng menudo, inihaw na isdang tilapya at bangus, hipon suwahe, fried chicken at sinigang na baboy.*” May tagpong pagkain, pag-ibig, pag-aaway, pagbabati, paglalayas, paglisan, pag-uwi, pagpapatawad, pananalangin, pambata, pangmatanda, paghihingalo at kamatayan, pagkakamit ng tagumpay, pagtupad sa pangarap at pangako; at tila nawa’y “*happily ever after*” na pagwawakas.

Kung naging mahirap man ang pagsusulat tungkol sa kahirapan, mayaman at malaman ang pagbabasa nito. Siksik sa saysay, apaw sa diwa at dunong, busog sa larawan at kaalamang babaunin, bubulayin, babatahin ng mambabasang pumasok sa kuwento, ng kapwang tumuloy sa loob.

Kaya, Halikayo at tignan. Sumama at manahan.

Tuloy po kayo sa Batong Bahay! Tuloy po kayo sa Batan-Buhay!

Clarence C. Marquez, OP
Kapangalan, Kaibigan
 April 1, 2009



Pahiñungod¹

Taong 2000, bagong milenyo, ika nga, “Bagong simula”. Malinaw pa rin sa akin ang tunog ng mga hinahalong buhangin, graba at semento na binuhusan ng balde-baldeng tubig, gamit ang pàla na binungi na ng panahon. Nakikipagsabayan sa himig ng hinahalong semento ang pagpatak ng pawis ng mga construction workers; ang pasulput-sulpot nilang tawanan; ang pagsigaw ng foreman; ang paulit-ulit na buntong-hininga ng aking Daddy; at ang di maitagong ngiti ng aking Mama; kahit na pagod niyang tinititigan ang magulong paligid. Walang kaayusan. Maalikabok. Pansamantala munang inilagay ang aming mga gamit sa karatig-bahay na di pa tinitirhan ng bago naming kapitbahay. Halos apat na buwan din ang lumipas bago natapos ang unang

¹ Ayon sa *UP Diksiyonaryong Filipino* (2001: 631), ang “pahinungod” ay “handog o alay para sa Diyos, o para sa anumang banal na adhikain”. Ang panimula ng librong ito ay itinuturing kong isang handog para sa isang makabuluhang adhikain – ang pagsasalaysay ng isang mahalagang proyekto ng aming buhay, ang pagtatayo ng *Batong Bahay*. Ito ang dahilan kung bakit minarapat kong tawagin ang panimula ng naratibong ito na isang *pahinungod*.

palapag ng aming bagong bahay, ang aming bagong *batong bahay*. Tamang-tama ang tayming sa pagdiriwang ng unang Pasko ng bagong milenyo at pagharap sa hamon ng bagong taong 2001. Nakakatuwang isipin na – natutupad din pala ang mga pangarap.

Sa unang 25 taon ng aking buhay, nagsinan kong tumira sa maliit at di-sementadong bahay. Naalala ko pa noong bata ako, ang unang bahay namin ay ekstensiyon ng malaking bahay na gawa sa kahoy. Inuupahan ito ng aking mga Lolo at Lola, ang mga magulang ng aking Mama. Ngunit di nagtagal, nagdesisyon ang aking mga magulang na lumayo sa aking mga Lola. Bata pa lang ako noon kaya hindi ko maalala ang pinag-ugatan ng desisyong ito. Tila may di pagkakaunawaan sa pagitan ng aking mga magulang at mga Lola dahil noong mga panahong iyon, unti-unti nang nakukulayan ng mga sigawan, hiyawan, murahan, iyakan at sumbatan ang aking paglaki. Nito na lang, ipinaliwanag sa akin ni Mama, na kaya daw kami lumipat ng bahay ay dahil, nais nilang makapagsarili habang lumalaki kami ni Kuya. Sa kabutihang palad, nakahanap agad ang Daddy at Mama ng lupa na pinauupahan sa kalapit na barangay. Ito ay nasa isang baryo na kung tawagin ay “Munting Bundok”. Naakit ang maraming tumira sa baryong ito nang ipinagawa ng lokal na pamahalaan ang bagong daan na nag-uugnay sa poblacion at mga karatig barangay. Dahil dito, naayos na ang daan ng mga taga-Munting Bundok papuntang simbahan, palengke at high school. Pàpasok na ako sa kindergarten nang lumipat kami rito. Kaya kabahagi ng unang yapak ng aking mga paa sa paaralan, ay pagtapak ko rin sa unang bahay na maituturing kong sariling amin.

Apatnapu't tatlong metro kuwadrado ang sukat ng lupang inupahan ng aking mga magulang sa halagang Php 25.00 kada buwan. Ang may-ari ay kamag-anak ng Mama. Parang umaalingasaw pa ang malabukid na amoy ng mga baboy at manok na inaalagaan ng aming kapitbahay sa lupang ito bago itinayo ang aming bahay. Inabot din ng ilang taon ang manukan at babuyan na ito sa likod ng aming bahay pero parang di ko na ito napansin. Kasi, hinigop ng panahon ang aking atensiyon ng mga tanong na noong una ay kumiliti sa aking isip, ngunit sa kalaunan, ay bumagabag sa aking damdamin; sa bawat sandaling natititigan ko ang aming dating bahay.

Habang lumalaki ako, sa paulit-ulit kong pamamasyal sa poblacion, unti-unti kong napansin na may iba't ibang uri ng bahay. At ang higit na nakakuha ng atensiyon ko ay 'yun bang malalaking bahay na sa paliwanag ni Mama, ay bahay daw ng mayayaman. Siguro ito ang dahilan kung bakit lumaki akong nagtatanong:

“Bakit maliit lang ang aming bahay? Bakit nangungupahan lang kami? Bakit pinagtagpi-tagping kahoy ang mga haligi ng aming bahay? Bakit ang aming bubong ay gawa sa mga lumang yero? Bakit di sementado ang aming sahig? Bakit wala akong sariling kwarto? Bakit wala kaming sariling linya ng tubig? Bakit wala kaming refrigerator?” Ilan lang ang mga ito sa maraming tanong na hinanapan ko ng sagot.

Sa tagal ng panahon, gustong-gusto kong tanungin sila Mama at Daddy tungkol sa aming bahay. Pero dahil mas matindi ang kanilang madalas na awayan, sigawan at murahan,

hindi ako nakatiyempo. Kaya kinipkip ko na lang ang mga tanong na ito sa aking diwa't damdamin habang pinagmamasdan ko ang madalas na luhang nangingilid sa mata ni Mama tuwing di niya mabili ang mga gusto naming pagkain ni Kuya, o di kaya'y kulang ang baon namin sa school.

Habang lumalaki ako, di naman pinadama ng aking mga magulang na mahirap kami. Kahit kapos sa buhay, gumagawa ng paraan si Mama na makapagsuot kami ni Kuya ng mga bagong usong damit at sapatos, kahit ipangutang. Ito ang mga sandali ng pansamantalang pagkukubli ng aming posisyon sa buhay, na para sa ilan, ay isang malaking pagbabalat-kayo at pagyayabang.

Nakakatawa dahil bata pa lang, nag-uuring sociologist na ako. Sa murang edad, interesado na akong intindihin ang kalakaran ng aming buhay. Oo, nagsimula ito sa maraming reklamo ko sa buhay na kung susumahin ay sinasagisag lamang ng isang tanong: *Bakit kami mahirap?*

Maraming teorya ang kahirapan. Pero iba nga siguro kapag personal na naranasan ang unti-unting hagupit nito. Iyon bang mga sandali ng pagkagutom o kaya ang simpleng kawalan ng kakayahan ng aking mga magulang na bilhin ang gusto kong laruan para sa Pasko o sa aking birthday. Dito ko nabatid na kakarampot lang ang oportunidad ng limitado naming buhay bilang ordinaryong pamilyang Pilipino, na kung ituring ay “isang kahig, isang tuka”; kahalintulad ng mga galang manok sa nilakhan kong bahay sa Munting Bundok.

Ngayong 32-taong gulang na ako, hindi ko masasabing meron na akong konkretong sagot sa aking tanong. Ang batid kong konkreto, na may halong pagmamalaki – ang dati naming bahay na gawa sa tagpi-tagping kahoy at lumang yero, na upang di tangayin ng malakas na hangin ay pinabigatan ng mga malalaking gulong ng trak; ang lupang sahig na dati ay dinamitan ni Mama ng linolium – lahat ay konkreto na ngayon. Ang aming lumang bahay ay maituturing na nga ngayong lehitimong *batong bahay*. Sa unang tingin, ito ay maituturing na simbolo ng kaunlaran, sagot daw sa kahirapan. Ngunit kung pagkakalimiin, may kabalikat itong panibagong hamon sa mga mahihirap tulad namin. Talaga bang umunlad kami dahil bato na ang aming bahay? O dahil dito, tumigas na rin bang parang bato ang relasyon ng aking pamilya sa isa't isa? Bakit nga ba *batong bahay* at hindi *bahay na bato* ang tawag ko sa aming bagong tirahan? Ito ang naratibong nais kong isalaysay sa librong ito.

Ang adhika ko ay ikuwento ang buhay ng aking pamilya sa pamamagitan ng paglalahad ng proseso kung paano namin ipinatayo ang aming konkretong bahay. Sa aking pananaw, ang aming batong bahay ay isang makahulugang metapor na kung saan, itinatampok nito ang para sa akin, ay tagumpay laban sa materyal na kahirapan ng aming buhay. Sa pamamagitan nito, kahit sandali lang, pansamantala kong mapapalaya ang aking sarili (at sana ay gayon din sa mga babasa sa aking mga kuwento), mula sa mga balakid at mga pag-aalala na dulot ng kahirapan. Dahil kahit papaano, habang inilalahad ko sa madla ang kuwentong iikot lang sana sa mga taong nakakakilala sa akin, binigyan ko ng pakpak na may panibagong

pagpapakahulugan, ang kasaysayan ng aking pamilya. Pakpak upang makalipad, kabahagi ng makapangyarihang kalawakang umuukit sa mga kuwentong pambayan; ayaw ko kasing mapinid lang sa espasyo ng aking mga kamag-anakan at mga kaibigan ang aming naratibo.

Dalangin ko na sana, sa prosesong ito ng pagkukuwento, maparamdam ko sa mga makakabasa ang halaga ng bawat sandali sa pang-araw-araw na buhay ng pamilya, hindi lang ang masasayang bahagi pero pati na rin ang malulungkot – ang awayan, ang kagalitan, ang murahan, ang inggitan at ang yabangan. Na hindi simple kundi komplikado ang buhay ng mga taong nagsusumikap para makatikim ng kaunting tagumpay sa buhay. Na may tiyak na pagbabagong idinudulot sa isip, gawi't kilos ng tao ang pagtatayo ng konkretong tirahan na pinili kong tawagin na *batong bahay*, taliwas sa *bahay na bato*, na kinagawiang tawag nang nakararami. Ito ang kasalukuyang thesis ng aking pamilya.

*May 23, 2007
Halifax, Nova Scotia
Canada*